

Pag-aaplay para sa iyong Ontario Health Card

Maligayang pagdating sa Ontario!



Kung ikaw ay isang residente ng Ontario, ang kahulugan ng pagkakaroon ng isang health kard (kard para sa kalusugan) ay ang iyong pagiging karapat-dapat sa mga bayad na serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan ng Ontario Health Insurance Plan (OHIP) [Plano sa Pagseseguro ng Kalusugan ng Ontario].

Kung ikaw ay hindi kailanman nagkaroon ng isang Ontario health card, kailangan mong mag-aplay para sa isa sa isang sentro ng ServiceOntario. Subalit bago ka pumunta sa isang sentro upang mag-aplay, mangyaring sundin ang mga hakbang na ito:

1. Bisitahin ang ServiceOntario.ca/HealthCard:

- I-print at kumpletuhin ang Rehistrasyon para sa Ontario Health Coverage (pormularyo 0265-82)
- Repasuhin ang Listahan ng Dokumento ng Ontario Health Coverage (pormularyo 9998E-82) upang makita kung anong mga dokumento ang kailangan (buong listahan ay nasa likurang bahagi)

2. Bisitahin ang ServiceOntario.ca/FindServices upang hanapin ang pinakamalapit na sentro ng ServiceOntario sa iyo

3. Dalhin ang nakumpletong pormularyo ng rehistrasyon at lahat ng mga kailangang dokumento sa isang sentro ng ServiceOntario

Mga kinakailangang dokumento

- **Listahan 1 – Katibayan ng pagiging Mamamayan ng Canada o Karapat-dapat na Estado ng Imigrasyon para sa OHIP**
Ang mga dokumento sa listahang ito ay nagpapatunay na ikaw ay isang Mamamayan ng Canada o may hawak ng ibang katayuan na ikaw ay nagiging karapat-dapat para sa saklaw ng Ontario health insurance.
- **Listahan 2 – Katibayan ng Paninirahan sa Ontario**
Ang mga dokumento na nasa listahang ito ay nagpapakita ng iyong pangalan at kasalukuyang tirahan at nagkukumpirma na ang iyong pangunahing lugar ng paninirahan ay nasa Ontario.
- **Listahan 3 – Suporta ng Pagkakakilanlan**
Ang mga dokumento na nasa listahang ito ay nagpapakita ng iyong pangalan at iyong pirma.

Kailangang palagi mong dalhin ang isang dokumento mula sa bawat nakalista.



- **Maging handa para kailangan mo lamang ng** isang pagbibisita sa sentro ng ServiceOntario.
- **Ang lahat ng mga dokumento ay dapat na orihinal** – ang mga potokopi at mga printout ay hindi tinatanggap.

Listahan 1 - Katibayan ng Pagkamamamayan/Karapat-dapat na Katayuan ng Imigrasyon para sa OHIP. Pumili ng isa:

Mga Mamamayan ng Canada

- Balidong Pasaporte ng Canada o Pasaporte ng Canada na nakalipas ng hindi hihigit sa limang taon
- Sertipiko ng Kapanganakan mula sa isang Probinsiya ng Canada o teritoryo (na inisyu sa ilalim ng Vital Statistics Act)
- Sertipiko ng Rehistrasyon ng Kapanganakan ng Canada sa Labas ng Bansa
- Sertipikadong Pahayag ng Buhay na Kapanganakan mula sa isang probinsiya o teritoryo
- Sertipiko ng Pagkamamamayan ng Canada o Sertipiko ng Naturalisasyon (papel na dokumento o kard, hindi pangkomemoratibong isyu)
- Sertipiko ng Katayuangng Indiyano (papel o plastik na kard)
- Rehistradong Ulat ng Indiyano (pinatunayan)
- Estado ng Protektadong Tao (Protected Person Status) na dokumento
- Permiso ng Temporaryong Paninirahan [Permanent Resident Permit] (may mga paghihigpit na naaaplay)
- Permiso para Magtrabaho (Katibayan ng full-time na trabaho sa Ontario ay maaaring hingiin)
- Liham mula sa Citizenship and Immigration Canada na nagpapatunay na ikaw ay karapat-dapat na mag-apply para sa pagkamamamayan ng Canada sa ilalim ng bahaging 5.1 ng Batas ng Pagkamamamayan [Citizenship Act (Canada)]
- Liham na nagpapatunay mula sa Citizenship and Immigration Canada na ikaw ay karapat-dapat na mag-aplay para sa permanenteng Paninirahan sa Canada
- Temporaryong Kumpirmasyon ng Dokumento ng Rehistrasyon

Mga Permanenteng Residente / Mga Landed Immigrant

- Balidong Permanent Resident Card o Permanent Resident card na nakalipas ng hindi hihigit sa limang taon
- Kard ng Pagkakakilanlan ng Imigrasyon ng Canada (Canadian Immigration Identification Card)
- Kumpirmasyon ng Permanenteng Paninirahan [Confirmation of Permanent Residence (IMM 5292, 5688)]
- Ulat ng Paglapag [Record of Landing (IMM 1000)]

Iba Pang Katayuan ng Imigrasyon

- Liham mula sa Immigration and Refugee Board na nagpapatunay ng katayuan sa pagiging Convention Refugee o Protected Person

■ Isang dokumento mula sa:

Listahan 1- Katibayan ng Pagkamamamayan o Karapat-dapat na Katayuan ng Imigrasyon para sa OHIP

Isang dokumento na magpapatunay na ikaw ay isang mamamayan ng Canada o naghahawak ng ibang katayuan na ginagawa kang karapat-dapat para sa Ontario health insurance coverage.

Ako ay magdadala ng: _____

Listahan 2 - Katibayan ng Paninirahan. Pumili ng isa:

- Balidong Lisensiya ng Nagmamaneho sa Ontario o Temporaryong Lisensiya ng Nagmamaneho (kung may kasama lamang na may litratong kard ng lisensiya na may kaparehong tirahan)
- Singil ng palingkuran-bayan (telepono ng bahay, kable ng TV, komisyon ng pampublikong palingkuran-bayan, hydro, gas, tubig)
- Buwanang koreong mga ulat ng account sa bangko para sa mga account ng ipon o tseke (hindi kasali ang mga resibo, mga libreta sa bangko, mga sulat o mga resibo ng awtomatikong teller na makina)
- Ulat ng maypagawa (talaan ng sahod o liham mula sa maypagawa na nasa letterhead ng kompanya)
- Report kard o transcript ng paaralan, kolehiyo o unibersidad
- Ulat ng Benepisyo ng Buwis para sa Bata (Child Tax Benefit Statement)
- Pagtatasa ng Ulat sa Buwis (Pinakabago)
- Polisa ng seguro (bahay, umuupa, awto o buhay)
- Kasunduan ng sangla, pag-upa o pag-arkila
- Permisyo ng De-Motor na Sasakyan sa Ontario [Ontario Motor Vehicle Permit (plaka o mga bahagi ng sasakyan)]
- Singil sa buwis ng Ari-arian
- Ulat ng Direktang Deposito para sa Ontario Works o para sa Programang Pangsuporta ng Ontario para sa Kapansanan (Ontario Disability Program)
- Ulat ng mga Binayarang Benepisyo ng Seguro sa Trabaho (Employment Insurance Benefits) T4E
- Ulat ng Seguridad para sa Pagtanda [Old Age Security T4A (OAS)] o Ulat ng mga Benepisyo ng Plano ng Pensyon ng Canada (Statement of Canada Pension Plan Benefits) T4A (P)
- Ulat ng Registered Retirement Savings Plan (RRSP), Registered Retirement Income Fund (RRIF) o Registered Home Ownership Savings Plan (RHOSP) mula sa isang pampinansiyal na institusyon (bangko, kompanya ng trust, unyon ng kredito)
- Lupon ng Kaligtasan sa Trabaho at Seguro (Workplace Safety and Insurance Board) Ulat ng mga Benepisyo T5007
- Iyong Ulat ng mga Kontribusyon sa Plano ng Pensyon ng Canada (Canada Pension Plan)
- Balidong Ontario Photo Card

■ Isang dokumento mula sa:

Listahan 1- Katibayan ng Paninirahan sa Ontario

Isang dokumento na nagpapakita ng iyong pangalan at kasalukuyang tirahan at nagkukumpirma na ang iyong pangunahing lugar ng tirahan ay nasa Ontario.

Ako ay magdadala ng: _____

Listahan 3 - Suporta ng Pagkakakilanlan. Pumili ng isa:

- Kredit Kard
- Balidong Lisensiya ng Nagmamaneho sa Ontario o Temporaryong Lisensiya ng Nagmamaneho
- Balidong Ontario Photo Card
- Kard ng Pagkakakilanlan ng Imigrasyon ng Canada (Canadian Immigration Identification Card)
- Sertipiko ng Pagkamamamayan ng Canada (plastik na kard)
- Sertipiko ng Katayuang Indiyano (papel o plastik na kard)
- Kumpirmasyon ng Permanenteng Paninirahan (IMM 5292) (kung nakikita lamang ang pirma)
- Kasalukuyang ID ng empleyado
- Kasalukuyang lisensiya ng propesyunal na asosasyon
- Kard para sa Seguridad ng Pagtanda (Old Age Security)
- Permisong Ontario sa De-Motor na Sasakyan [Ontario Motor Vehicle Permit] (bahagi para sa plaka)
- Pasaporte (Canadian o banyaga)
- Kard ng Permanenteng Residente (Permanent Resident Card) (kung nakikita lamang ang pirma)
- Ulat ng Paglapag [Record of Landing (IMM 1000)]
- ID kard ng Mag-aaral
- Kard ng unyon

■ Isang dokumento mula sa:

Listahan 3 - Suporta ng Pagkakakilanlan

Isang dokumento na nagpapakita ng iyong pangalan at pirma.

Ako ay magdadala ng: _____

Makipag-ugnay sa Amin

Ang ilan sa mga **sentro ng ServiceOntario ay nagbibigay ng appointment booking**. Kung ikaw ay nakahanda nang mag-apply para sa iyong bagong may larawang health card ng Ontario maaari kang bumisita sa amin online sa [ServiceOntario.ca/Appointment](https://www.serviceontario.ca/Appointment) o tumawag ng libre sa **1-888-376-5197** upang malaman kung ang mga sentro sa iyong komunidad ay nagbibigay ng appointment booking.

Para sa isang **listahan ng malapit na mga sentro ng ServiceOntario** maaari kang bumisita sa amin online, o mula sa iyong mobile device, sa [ServiceOntario.ca/FindServices](https://www.serviceontario.ca/FindServices).

Para sa **karagdagang impormasyon sa pagiging karapat-dapat**, mangyaring bumisita sa [ServiceOntario.ca/HealthCard](https://www.serviceontario.ca/HealthCard) o tumawag sa amin sa:

Libreng-tawag (Canada): **1-800-267-8097** | TTY Libreng-tawag (Canada): **1-800-268-7095**

Hanapin kami sa [ServiceOntario.ca](https://www.serviceontario.ca)